

## Anong senyales ang pulang ilaw ng ilaw trapiko?



Habang nagmamaneho tayo ng sasakyan ay humihinto tayo kapag nagkulay pula ang ilaw trapiko, at may pagkakataon naman na kapag lahat ng ilaw ng ilaw trapiko ay naging kulay berde, ang biyahe natin ay tuloy-tuloy lamang. Nakakaramdam tayo ng pagka-inis o kaya naman pag-gaan ng kalooban.

Wala nang mas mabuti pa sa pagmamaneho nang hindi humihinto. Kung hihinto tayo sa pulang ilaw ng ilaw trapiko, isipin na lang natin na magpahinga nang kaunti o ituring nating ito ay senyales na mula sa Diyos upang baguhin ang ating kaisipan na mainitin ang ulo.

Ito ay katulad rin ng buhay ng tao. Kahit tayo'y nagkaroon ng karamdaman o surilanin, huwag tayong mag-alala at maging positibo lang tayo. Mag-isip tayo ng mga nakatutuwang bagay upang maiwasan ang kalungkutan.

**Tenrikyo, Mga Aral tungo sa Maligayang Pamumuhay**

## Anong senyales ang pulang ilaw ng ilaw trapiko?



Habang nagmamaneho tayo ng sasakyan ay humihinto tayo kapag nagkulay pula ang ilaw trapiko, at may pagkakataon naman na kapag lahat ng ilaw ng ilaw trapiko ay naging kulay berde, ang biyahe natin ay tuloy-tuloy lamang. Nakakaramdam tayo ng pagka-inis o kaya naman pag-gaan ng kalooban.

Wala nang mas mabuti pa sa pagmamaneho nang hindi humihinto. Kung hihinto tayo sa pulang ilaw ng ilaw trapiko, isipin na lang natin na magpahinga nang kaunti o ituring nating ito ay senyales na mula sa Diyos upang baguhin ang ating kaisipan na mainitin ang ulo.

Ito ay katulad rin ng buhay ng tao. Kahit tayo'y nagkaroon ng karamdaman o surilanin, huwag tayong mag-alala at maging positibo lang tayo. Mag-isip tayo ng mga nakatutuwang bagay upang maiwasan ang kalungkutan.

**Tenrikyo, Mga Aral tungo sa Maligayang Pamumuhay**

*May mga anak na nagsasabing mabagal kumilos ang kanilang mga magulang. Ngunit, gaano man kabagal ang magulang, ang mga anak ay nabubuhay dahil sa mga magulang. Kapag tumatanda na ang mga magulang ay natural lamang na bumabagal ang kilos. Kahit pa sila ay mabagal, napakahalaga ng pagiging magulang nila.*

Osashizu, Banal na Kautusan,  
Ika-14 ng Oktubre, 1889

Itinuturo sa atin na, “Ang mga anak ay nabubuhay dahil sa kanilang mga magulang. Kahit gaano pa katalino ang mga anak, ang ating pangunahing aral ay dapat magbigay-galang sa ating mga magulang.” Sa tumatandang lipunan, ang labis na nakalulungkot ay nakaugalian na natin ang masamang pakikitungo sa ating mga magulang. Kinakailangan na mas magbigay tayo ng halaga sa pagtuturo sa ating mga anak. Ngunit, isipin mo na lang kapag inaalagaan mo ang mga halaman o bulaklak. Walang sinuman ang nagdidilig o naglalagay ng pataba sa sanga at dahon. Hindi ba’t ang binibigyan natin ng kahalagahan ay ang ugat? Ang mga magulang ay sumisimbulo sa ugat, tayo naman ay sumisimbulo sa puno, at ang mga anak natin ay sumisimbulo sa mga sanga at dahon. Kung iniisip natin ang ating mga anak, una sa lahat ay mas pahalagahan natin ang ating mga magulang.



*May mga anak na nagsasabing mabagal kumilos ang kanilang mga magulang. Ngunit, gaano man kabagal ang magulang, ang mga anak ay nabubuhay dahil sa mga magulang. Kapag tumatanda na ang mga magulang ay natural lamang na bumabagal ang kilos. Kahit pa sila ay mabagal, napakahalaga ng pagiging magulang nila.*

Osashizu, Banal na Kautusan,  
Ika-14 ng Oktubre, 1889

Itinuturo sa atin na, “Ang mga anak ay nabubuhay dahil sa kanilang mga magulang. Kahit gaano pa katalino ang mga anak, ang ating pangunahing aral ay dapat magbigay-galang sa ating mga magulang.” Sa tumatandang lipunan, ang labis na nakalulungkot ay nakaugalian na natin ang masamang pakikitungo sa ating mga magulang. Kinakailangan na mas magbigay tayo ng halaga sa pagtuturo sa ating mga anak. Ngunit, isipin mo na lang kapag inaalagaan mo ang mga halaman o bulaklak. Walang sinuman ang nagdidilig o naglalagay ng pataba sa sanga at dahon. Hindi ba’t ang binibigyan natin ng kahalagahan ay ang ugat? Ang mga magulang ay sumisimbulo sa ugat, tayo naman ay sumisimbulo sa puno, at ang mga anak natin ay sumisimbulo sa mga sanga at dahon. Kung iniisip natin ang ating mga anak, una sa lahat ay mas pahalagahan natin ang ating mga magulang.

